

Pagkatuto ng Filipino ng mga Mag-Aaral na Di-Tagalog

Asia Pacific Journal of
Multidisciplinary Research
Vol. 8 No.2, 100-107
May 2020 Part II
P-ISSN 2350-7756
E-ISSN 2350-8442
www.apjmr.com
ASEAN Citation Index

Rizalina Demol Truya (EdD)

Visayas State University, Baybay City, Leyte, Philippines
rizalina.truya@vsu.edu.ph

Date Received: August 30, 2019; Date Revised: April 30, 2020

Abstract - This study aimed to determine if the performance the one hundred fifty non-Tagalog fourth year students from public, private, and state run secondary schools is influenced by their attitude towards the Filipino subject. It also ascertained if there was a relationship of the attitude and profile of ten teachers teaching Filipino to the performance of the students of the said subject. Survey questionnaires were used to get the attitude of the students. The performance of the students was correlated to their attitude towards the subject and to the teachers' attitude towards teaching Filipino. To correlate the performance of the students and their attitude and so to the teachers' attitude, SPSS computational software of the Pearson Moment Correlation was used. The students liked to learn Filipino more as the language used in the subject, they like to learn Filipino: it is easy to comprehend and it's the national language. Few don't like Filipino: hard to articulate the words and to use in conversation. The performance also of students of any attitude toward Filipino as a subject were all in advanced performance (90 up) as per description in Department of Education (DepEd) order No. 31, s. 2012 and not one failed. The relationship between attitude and the performance of students from the three types of schools is not significant. What ever attitude of the teacher teaching the Filipino subject did not influence nor affect the high performance of the students of the subject. Learning Filipino can be successfully achieved even if the teachers and students have either positive or negative attitude towards the language or the subject because learning is individual and unitary. The established theory is "Multiplicity of Factors in the Learning of Filipino".

Keywords –

Abstrakt - Sinuri ang niloloob ng mga mag-aaral na di- Tagalog sa Filipino bilang wika at asignatura at ang impluwensya nito sa perormans ng mga mag-aaral. Inalam din ang saloobin ng mga gurong nagtuturo sa Filipino at kaugnayan sa perormans ng mga mag-aaral. Gumamit ng survey o talatanungan upang makuha ng tunay na saloobin ng 150 mga mag-aaral sa paaralang publiko, pribado at estado sa Lungsod ng Baybay, Leyte at sampung mga gurong nagtuturo ng Filipino sa klase bilang asignatura. Ang mga datos ay pinag-ugnay Gamit ang SPSS computational software ng Pearson Product Moment Correlation, iniugnay din ang perormans ng mga mag-aaral sa kanilang saloobin at sa saloobin ng mga guro sa asignaturang Filipino. Batay sa resulta, mas gusto ng mga mag-aaral na matuto sa Filipino dahil madaling maiintindihan at ito ay pambansang wika. May iilan na hindi gusto ang Filipino: nahihirapan silang bumigkas ng mga salita at magsalita gamit ito. Matataas ang perormans at nasa advanced na kategorya ang mga mag-aaral na may gusto at di-gusto sa asignaturang Filipino at walang bumagsak kahit ni isa man. Ang saloobin at perormans ay walang pagkakaugnay. May positibong saloobin sa pagtuturo ng Filipino ang mga guro at walang kaugnayan sa perormans ng mga mag-aaral. May pagkalugod o may magandang saloobin man o wala ang mga mag-aaral at guro, ang pagkatutong Filipino ay matagumpay na natatamo dahil ang pagkatuto ay indibidwal at "unitary". Ang teoryang naitatag sa pag-aaral ay "Multiplicity of Factors in the Learning of Filipino".

Susing Salita – Pagkatuto, Filipino, Mag-aaral, Di-Tagalaog

INTRODUKSYON

Filipino ay isa sa mga asignaturang itinuturo sa kurikulum ang pagtuturo ng Filipino bilang paaralan sa alinmang antas. Mula elementary, asignatura. Kahit na ang Filipino ay nasa lahat ng

sikundarya hanggang kolehiyo ay bahagi na ng

antas sa paaralan, hindi ito naging basehan ng pagkamakabayan. Ang pagkatuto sa Filipino naging mahalaga sa pagtataqpos ng kurso hindi sa isang simbolong pagka-Pilipino, ang halahaga ng paggamit nito ay napapaloob lamang sa paaralan ng mga Di-Tagalog [1].

Mapapansin na kapwa hindi ginagamit sa pakikipagtalastasan ang Filipino na pambansang wika at Ingles dahil sa Silangang Bisayas ay may sariling dayalektong ginagamit sa pakikisalamuha sa kapwa. Sa bahaging Leyte, ayon sa pag-aaral sa nakalipas na halos dalawang dekada, ang Filipino ang ginagamit naayon lamang sa pangangailangan hindi gaya ng wikang rehiyonal at Ingles [2]. Pinaniniwalaan na ito naging kagawian ng bawat rehiyon bilang gamit sa pakikipagtalastasan [2]. Ngunit napapansin din na sa mga paaralan mas madali ang gawaing pasulat man o pasalita sa wikang Ingles. Ang kasanayan sa pagkatuto ng Filipino ay hindi lamang ito ay wikang panturo sa asignaturang Filipino kundi dapat ito ay malayang ginagamit sa tahanan ngunit ang kabataan sa kasalukuyan at ang mga mag-aaral ay hindi binibigyang bigat at halaga ang paggamit nito higit na sa mga di-Tagalog. Halos araw-araw ay kapansin-pansin sa pangkatang talakayan o pasulat na mas bihasa sila sa *code switching* at loan words mula sa Ingles [3].

Kaya naging bahagi na ng mga kabataang Filipino kahit sa mga paaralan ang code switching ay tahasang ginagamit. Ito ang naging dahilan sa pagbaba ng linggistikong kaalaman at kasanayan [1-2].

May maraming kadahilanan sa perormans pang-akademiko ng karamihang mag-aaral na Pilipino. Sa isang pag-aaral, ang layunin ng pagkatuto at pagganap na dulog ay positibong naka-ugnay sa akademikong tagumpay, pansariling basehan ng tagumpay at para sa tagumpay ng interes ng mga magulang [4]. Ayon sa ibang pag-aaral ang perormans ay nakasalalay sa pag-iisip na malayo sa gulo at payapa. [5].

Kahit na may kahirapan sa paggamit ng wika, sa kabuuan, ang mag-aaral na bilingual ay nagpapahayag ng positibing saloobin sa Filipino [6]. Ngunit nanatili pa rin ang posotibing saloobin ng mga Di-Tagalog na mag-aaral sa Baybay City kahit sa limitadong sanguniang pangwika at nakakuha pa rin sila ng mataas na perormans sa nasabing asignatura.

Pagpapahayag ng Layunin

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy kung kusang loob na tinatanggap ng mga mag-aaral na di- Tagalog ang asignaturang Filipino at

kung nakakaimpluwensya ba ito sa perormans ng mga mag-aaral sa ikaapat na taon sa sekundarya sa paaralang publiko, pribado at estado. Tiniyak ang mga kasagutan sa mga sumusunod: malaman ang mga saloobin ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino; ang mga dahilan sa pagkagusto at di-pagkagusto sa pag-aaral ng Filipino; matukoy ang perormans ng mga mag-aaral na may gusto at di-gusto sa asignaturang Filipino; malaman kung may kaugnayan ba ang saloobin at perormans ng mga mag-aaral na may gusto at di-gusto sa asignaturang Filipino; mayukoy ang saloobin ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino; at mapatunayan kung may kaugnayan ba ng saloobin ng mga guro sa perormans ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pag-aaral

Pamamaraang qualitative-quantitative ang ginamit dahil pinag-aralan ang saloobin ng isang populasyon, at qualitative dahil gumamit ng survey ang pag-aaral na ito sa pagkuha ng tunay na saloobin ng mga mag-aaral at mga guro sa asignaturang Filipino. Ang perormans ng mga mag-aaral ay iniugnay din sa kanilang saloobin at sa saloobin ng mga guro sa asignaturang Filipino.

Instrumentong Ginamit

Dalawanginstrumento ang ginamit sa pag-aaral na ito: *interest and attitude inventory test* [7] para sa mga mag-aaral at talatanungan para sa sariling pagtatasa sa mga guro at ang antas ng perormans ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Naghandang ng isang *interest and attitude inventory test* na may kabuuang aytem na dalawampu at ang bawat bilang ay may pagpipiliang sagot na may nakatalagang bilang (5) na siyang pinakamataas na antas, (4) and sunud, (3), (2), at ang pinakamababa ay (1) para alamin ang karanasan at saloobin sa Filipino bilang wika o asignatura man. May bahagi din sa pagsusuring ito kung saan isinulat ng mga mag-aaral ang iba pang dahilan sa pagkagusto at di-pagkagusto sa Filipino na wala sa hanay na pinilian. Mula sa resulta ng *inventory test*, natukoy ang katindian ng pang-unawa at saloobin tungo sa Filipino. Kinuha din ang bawat antas ng perormans ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino upang iugnay nito ang bawat saloobin nilang nakita sa *inventory test*.

Ang ikalawang instrumento ay talatanungan at sariling pagtatasa para sa mga gurong nagtuturo ng

Filipino sa paaralang publiko, pribado at estado upang makuha ang kanilang saloobin sa pagtuturo ng Filipino. Ang bawat tanong ay may pagpipiliang positibo o negatibo ayon sa kanilang karanasan at sariling pagpasya tungkol sa asignaturang Filipino. Ang positibong napili ay binibigyang katumbas na (1) at ang negatibo ay (0).

Paraan sa Paglikom ng mga Datos

Naghanda ng talaan ng mga aralin at kasanayan na dapat matamo ng mga mag-aaral sa taong panuruan sa ikaapat na taon. Nagkaroon ng “*interest and attitude inventory test*” upang masuri ang saloobin tungo sa Filipino bilang wika o asignatura. Bawat pahayag na sinagutan ay may pinagpiliang bilang ng sagot mula 1 hanggang 5 na naaayon sa katindian ng kagustuhan o hindi sa tungong paksa. Tiningnan ang bawat saloobin ng mag-aaral kung gusto o di-gusto ang pagkatuto ng Filipino. Ang kinalabasan sa pagsusuri ng bawat mag-aaral sa kabuuan ng bawat paaralan at pangkalahatan ay inaayon sa basehan ng paglalarawan. Ang gustong-gusto ay mula 5.00 hanggang 4.21, mas gusto 4.20-3.41, gusto 3.40-2.61, 2.60-1.81 di-gaanong gusto at ang di-gusto ay 1.80-1.0.

Ang antas ng perormans ng mga mag-aaral sa Filipino ay kinuha din upang iugnay sa saloobin na naipakita sa inventory test kung naaayon ba sa kinalabasang gusto o di-gusto. Ang antas ng perormans ay inaayon sa batayan ng pagsasalarawan mula sa DepEd grading system, Dep.Ed. order No. 31, s. 2012 kung saan 74% at pababa ang tumbas ay (B) o beginning, 75-79% ay (D) developing, (AP) approaching proficiency ang 80-84%, (P) naman ang 85-89% at (A) advanced ay 09% pataas [8].

Nagkaroon din ng pagsusuri sa saloobin ng mga guro sa Filipino sa mga nasabing paaralan. Binigyan sila ng talatanungan [9] para sa sariling pagtatasa tungkol sa kanilang pagtuturo ng Filipino na may positibo at negatibong sagot bilang pagtanggap sa asignatura. Ang sagot ng bawat guro ay ipinagsama o isinuma at kinuha tamtaming halaga o *mean*. Binigyan din ito ng pagsasalarawan kung ang halaga ng pagsusuri ay 1, ito ay positibong saloobin at kung .44 o kaya ay 0, ito ay negatibo.

Ang saloobin ng mga mag-aaral na may kaugnayan sa kanilang perormans ay iniugnay sa saloobin ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino. Hindi pantay ang bilang ng mga mag-aaral sa pagbibigay ng mga dahilan sa pagkagusto sa pag-aaral ng Filipino at sa dami ng dahilan sa di-pagkagusto sa pag-aaral ng Filipino dahil may mga mag-aaral na hindi nagbigay

ng kanilang mga puna. Ang kabuuang dami ng mga nagbigay ng puna ng pagkagusto at di-pagkagusto kung ipagsama-sama ay hindi angkop sa dami ng kabuuang tagatugon. Kinuha na lamang ang naaayong bilang sa mga nagbigay puna.

Upang makuha ang kaugnayan sa saloobin ng mga mag-aaral ng paaralang publiko, pribado at estado, ang mga sumusunod na paraan ang ginamit, kinuha ang kabuuang tugon ng apat na kategorya o kasanayan sa pagsusuri sa saloobin ng bawat mag-aaral. Ang *values* sa saloobin ay nasa paraang *scalar* habang ang antas ng perormans ay nasa anyong patakda. Ang mga ito ay binago ayon sa *logarithmic values* [10] para sa kaayusan sa pagkuha ng kaugnayan sa saloobin at perormans. Ang mga datos ay pinag-ugnay gamit ang *Pearson product moment correlation (Pearson r)*. Ang *r value* ng +1 ay nangangahulugang malakas at positibo ang kaugnayan, ang *r value* naman ng -1 ay nagpapatunay na malakas na negatibong kaugnayan. Ang *r value* na mababa ng 1, ibig sabihin na mahina ang kaugnayan.

Ang pagsusuri naman para sa mga guro ng tatlong uri ng paaralan na may tugon na positibo at negatibo ay pinag-*dichotomized* [11] o isinalin sa bilang patakaran (*numerical values*) gamit ang code 1 para sa positibo at 0 para naman sa negatibong mga tugon. Ang bawat tugon ay pinagsama-sama at kinuha ang *mean value*. Binigyan ng paglalarawan sa bawat kinalabasan kung saan ang *rounded off* na halagang 1 ay positibo at .44 o 0 ay negatibo.

Ang *dichotomized mean value* ng saloobin ng mga guro at *log transformed values* ng perormans ng mga mag-aaral ay pinag-ugnay gamit ang *Pearson r*. Ang kinalabasan sa pag-uugnay ay sinuri. Ang halaga ng *r* +1 ay nangangahulugang may malakas na kaugnayan, -1 na halaga ay nagpapatunay na may malakas na negatibong kaugnayan. Ang *r value* naming mababa sa 1 ay may mahinang kaugnayan.

Pagsusuring Istatistikal

Sa pag-aaral na ito, ginamit ang istatistikang *non-parametric* lalo na ang *descriptive statistics* dahil ito ay magpagsukat sa sentro ng pangkat ng mga datos na isinaayos naaayon sa pinakamataas hanggang pinakamababa o kabaliktaran nito.

Ang kadalasang ginamit na panukat sa sentro ng lokasyon ay ang *mean*. Ito din ay makakasukat at makakainterpret sa kalakasan ng pagkakaugnay ng dalawang tuluy-tuloy na variables, ang asignatura at naranasan at reaksiyon ng mga mag-aaral at mga guro.

Para masagot din ang suliraning 1,2,3,4,5 at 6

ginamit ang mga sumusunod. Ang antas ng mag-aaral sa imbentaryo ay kinuha ang *mean*. Ginamit din sa pagsusuri ang *Pearson r* upang iugnay ang saloobin ng bawat mag-aaral sa kanilang perormans sa asignaturang Filipino at sa saloobin ng mga guro.

Pagsusuri At Pagpapakahulugan Ng Mga Datos

Ipinapakita sa talahanayan 1 na ang mga mag-aaral sa tatlong uri ng paaralan ayparehong mas gustong matuto ng Filipino batay sa kabuuang *weighted mean*(M=3.47). Kungiihsahin ang mga kasanayan, may *mean* na 3.42 ang pakikinig at 3.78 ang pagsulat na parehong may katumbas na mas gusto. May *mean* naman na 3.28 ang pagbasa at 3.40 ang pagsalita na pareho rin ang katumbas na gusto.

Talahanayan 1. Saloobin sa pagkatuto ng Filipino sa paaralang pampubliko, pribado at estado

Uri ng Paaralan								
	Pampubliko		Pribado		Estado		Kaburuan	
Tala ng Kasanayan	WM*	Paglalarawan	WM	Paglalarawan	WM	Paglalarawan	WM	Paglalarawan
Pakikinig/Pangunawa	3.32	Gusto	3.49	Mas gusto	3.46	Mas Gusto	3.42	Mas Gusto
Pagbasa	3.69	Mas Gusto	2.90	Gusto	3.24	Gusto Mas	3.28	Gusto
Pagsulat	4.06	Mas Gusto	3.67	Mas Gusto	3.62	Gusto	3.78	Mas Gusto
Pasalita	3.74	Mas Gusto	3.13	Gusto	3.32	Gusto	3.40	Gusto
Kaburuan	3.70	MG	3.29	G	3.41	MG	3.47	MG

*WM = weighted mean

Subalit kung titingnan ang kinalabasan ng pagsusuri sa bawat paaralan ang paaralang pampubliko ay nakakuha ng *weighted mean* na 3.32 sa pakikinig/pag-unawa, 3.69 sa pagbasa, 4.06 sa pagsulat at 3.74 sa pagsalita. Nakakuha ito ng kabuuang *weighted mean* na 3.70 na naglalarawan na mas gusto sa paaralang ito ang matuto ng Filipino. Habang sa paaralang pribado naman nakakuha ng *weighted mean* na 3.49 sa pakikinig, 2.90 sa pagbasa, 3.67 sa pagsulat at 3.13 sa pagsasalita. Naglalarawan na gusto ng mga mag-aaral na matuto sa Filipino (M= 3.29). Mas gusto naman sa paaralang estado ang Filipino dahil sa *weighted mean* na 3.46 sa pakikinig, 3.24 sa pagbasa, 3.62 sa pagsulat at 3.32 sa pagsalita at kabuuang mean na 3.41.

Ang resulta din ay nagpapahayag na mas gusto nila ang asignaturang Filipino na gamit ang wikang Filipino bilang wikang panturo dahil madaling


maiintindihan ito at hindi dapat makakalimutan na pambansang wika din ito. Bilang isang Pilipino nararapat lamang na marunong magsalita ng pambansang wika-wikang Filipino na kabuuang bilang na 32. Isa lamang sa kabuuang bilang ng mga tagatugon ang gustong matutunan ito, gusto rin kung kausap ay kapwa Pilipino, gusto dahil pamana ng ninuno at gustong magkaroon ng maraming kaibigan. Sa kabuuan, gusto sa tatlong paaralan ang Filipino dahil madaling maiintindihan.

Makikita dito na hindi tugma ang bilang ng mga nagbibigay ng kanilang mga dahilan ng pagkagusto na may kabuuang 84 lamang kung ihahambing sa dami ng tagatugon na may kabuuang 150. May mga mag-aaral na hindi nagbigay ng kanilang puna pagkatapos nilang tuparin ang pagsusuri.

Sa pagsulong ng kakayahang pang-akademikong wika nangangahulugang abutin at makisabay sa kakayahan ng native speakers, matatamo din ang matagumpay pang-akademikong pagganap sa lebel ng sekundarya at sa kolehiyo-pambihira at labis [12].

Makikitang nangungunang dahilan sa di-pagkagusto sa Filipino ay nahihirapan silang bumigkas/magsalita sa Filipino habang sumunod nang magkapareho ang dami ng tagatugon sa hindi nakukuha ang kahulugan ng mga salita at nahihirapang umintindi sa wika. Pumapangatlo ang ibang aspekto na hindi maiintindihan at ang pinakahuli ay ang nahihirapang magsulat sa Filipino.

Makikita sa resulta na kakaunti ang bilang ng mga mag-aaral na nagbigay ng mga puna tungkol ng di-pagkagusto sa Filipino. Ito ay nagpapahayag na di-gaanong nabigyan ng atensyon ang di-pagkagusto sa pagkatuto ng Filipino dahil ang sa unang mga talahanayan ay nagpapatunay na sa alinmang uri ng paaralan ay gusto nilang pag-aralan at matuto sa Filipino at saka hindi na nagkusang sumulat ng kanilang dahilan.



Figur 1. Mga dahilan ng pagkagusto sa Filipino.

Nagpapatunay ang maliit na bilang ng mga nagbigay ng kanilang dahilan ng di-pagkagusto dahil lumabas na mas gusto ng mga di-Tagalog na mag-aaral ang matuto ng asignaturang Filipino anumang kasanayan.

Talahanayan 2. Mga Dahilan sa Di-Pagkagusto sa Pag-aaral ng Filipino

Mga Dahilan sa Di-Pagkagusto sa Filipino	Pampubliko		Pribado		Estado		Kabuuang Bilang	
	F	%	F	%	F	%	F	%
Hindi nakukuha ang kahulugan ng mga salita	1	20	3	38	0	0	4	22
Nahihirapang umintindi sa wika	1	20	0	0	3	60	4	22
Nahihirapang bumigkas/magsalita	3	60	2	25	2	40	7	39
Ibang aspekto hindi maiintindihan (idiomatiko, ibang bahagi ng pananalita)	0	0	2	25	0	0	2	11
Nahihirapang magsulat sa Filipino	0	0	1	13	0	0	1	6
Kabuuang	5	100	8	100	5	100	19	100

Perpormans ng May Gusto at Di-Gusto sa Filipino

Ipinapakita sa kabuuang talahanayan sa saloobin at perpormans ng tatlong uri ng paaralang sinusuri. Labingwalong mag-aaral na may gustong gustong saloobin at may perpormans na *advanced*, 44 na gusto, 27 ang gusto at 5 ang di-gaanong gusto na 94 lahat o 62.66% na siyang pinakamataas na dami na nasa *90 & above* na grado sa Filipino. Para naman sa *proficient* (85-89) may kabuuang 19 o 12.66% na mga mag-aaral kung saan 8 ang mas gusto at 11 ang gusto ang saloobin. May 28 na mga mag-aaral o 18.66% na ang perpormans at *approaching proficiency* o *80-84* ang mga grado 4 nito ay may saloobin na gustong gusto, 10 mas gusto, 13 ang gusto at 1 ang di-gaanong gusto. Mayroong 9 na ang perpormans ay nasa *developing* (15-79). Makikitang nangibabaw ang perpormans na *advanced* sa anumang saloobin tungo sa Filipino at karamihan nito ay may saloobin na gusto. Walang perpormans na *74 & below*.

Ang saloobin ng mag-aaral ay napakahalaga sa pagtatamo at pagkatuto ng pangalawang wika. Ang pangamba at pagkabahala ay nagpapabagal at nakababara sa pagsulong ng pagkatuto. Ang panlipunan at pangkulturang pananaw ay nakakaapekto din sa pagkatuto ng wika [17]. Ayon sa pagsusuri sa kabuuang perpormans at saloobin,

nakikita na anumang saloobin ay hindi nakakaapekto sa pagkuha ng matataas na antas sa Filipino kahit sila ay di-Tagalog.

Talahanayan 3. Perpormans ng may gusto at di-gusto sa Filipino

Perpormans	Gustong - Gusto		Mas Gusto		Gusto		Kabuuang Di-Gaanong Gusto		Paglalarawan	
	f	%	f	%	f	%	f	%	f	%
90 & above	18	44	27	5	94	62.66				
85-89		8	11		19	12.66				advanced proficient
80-84	4	10	13	1	28	18.66				app. prof
75-79		5	4		9	9				developing
74 & below										
Kabuuang	22	15	67	45	55	37	6	4	150	100%

Talahanayan 4. Kaugnayan sa saloobin at perpormans sa asignaturang Filipino

	Publiko	Pribado	Estado
Saloobin (mean)	1.350	1.230	1.232
Perpormans (mean)	4.537	4.409	4.530
Pearson r	0.113	-0.209	-0.1
Sig	0.434	0.144	0.489
Diskripsyon	Weak positive correlation and not significant	Weak negative correlation and not significant	Weak negative correlation and no significant relationship

Ang Talahanayang 4 ay nagpapakita sa kaugnayan sa saloobin ng mga mag-aaral at sa kanilang perpormans sa Filipino sa mga paaralang publiko, pribado at estado.

Makikita ang kinalabasan sa pag-uugnay ng saloobin at perpormans sa Filipino sa paaralang publiko na .113 na mas mababa sa 1. Ayon sa pagsasalarawan ng *Pearson r* kapag ang kalabasan ay mas mababa sa 1, nangangahulugan na mahinang positibo ang kaugnayan at hindi makabuluhan ito.

Nasa hanay naman ng pribadong paaralan ang kaugnayan ng perpormans at saloobin ng mga mag-aaral na -.209. Kung pagbabasihan naman natin ang diskripsyon ng *Pearson r* ito ay nagpapakita ng mahinang negatibong kaugnayan kaya walang pagkakaugnay ang saloobin at perpormans sa Filipino.

Kung titingnan ang hanay sa paaralang estado kaugnay sa saloobin at perpormans sa Filipino, ang halaga ng kaugnayan nito ay -.1 na nagpapahayag ayon sa diskripsyon ng *Pearson r* na mahina at

negatibo ang kaugnayan at walang makabuluhang pagkaugnayan ang mga ito.

Naipapakita sa resulta sa kaugnayan ng saloobin at perormans ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, kung may kaugnayan man, napakahina at walang kabuluhan ang pagkakaugnay kahit kapwa maganda ang saloobin at mataas ang perormans ng mga mag-aaral.

Isa sa paglilinaw sa kinalabasan ay nasa bilang ng ng mga *samples* na pinag-uugnay para sa kabigatan ng *statistics*. Sinasabi “the lesser the number of samples, the bigger will be the margin of error and thus”, karaniwan ang kinalabasan ay walang kabuluhan o not significant correlation output. Bagaman mataas ang score na nakuha sa asignaturang Filipino, ang pinaghambing na mga kinalabasan sa pagsusuri ay walang kaugnayan. Ang resulta sa *Pearson r square* ay kawalan ng relasyon kahit sa naunang natuklasan na mataas ang perormans. Ito ay maaaring dahi isa pinagsama ang mga antas ng perormans ng mga may di-gaanong gustong saloobin na may mataas na perormans at gustong gusto na katamtaman o di-kaya’y mababa ang antas o sa mga mas gusto o gusto lang na saloobin na may iba iba ding antas na hindi naaayon sa lumabas na saloobin. Hindi pantay o *small number* ang ginamit sa ibang *variable* na pinag-uugnay na masyadong napakalayo ang agwat ng dami kaya lumabas na mahina ang pagkakaugnay o negatibo.

Isa pa, ang saloobin o perception ay mga datos na hindi nakikita o nasusukat nang tahasan dahil nanatili lamang ito sa utak o puso ng ng mga tagatugon. Hindi gaya ng kasarian, edad o kinikitang pera na makikita o mapupuna. Ang saloobin ay tinatawag na “discreet data”. Kahitang resultang saloobin at perormans na antas ay lubos na kapuna-puna hindi lubos matutukoy ang kaugnayan maliban kung tukuyin “*hypothetically and empirically*” ang mas gustong saloobin at mataas na perormans ay sa ating tingin ay may malaking kaugnayan ngunit ang lumabas ay mahina o walang kaugnayan at walang kabuluhan dahili sa kanila ay tinatawag na discreet data, “could just be an artifact of the experimentation, or errors caused by uncontrollable factors.” Ang saloobin din ay isa sa maraming salik na hindi kayang saklawin upang masasabi na malaki ang kaugnayan sa anumang perormans ng mga mag-aaral. Ayon ka Naomi Chomsky (2001), isang dalubhasa sa *language acquisition*:

Children must- have an inborn faculty for language acquisition. According to this theory the process is biological determined-human species has evolved a brain whose neural circuits contain linguistic information at birth. The child’s natural predisposition to learn language is triggered by hearing speech and the child’s brain is able to interpret what she/he hears according to the under- lying principles or structures it already contains [7].”

Talahanayan 5. Saloobin ng mga guro sa Filipino

Mga Guro							
Publiko		Pribado		Estado		Kabuuang	
Mean	Paglalarawan	Mean	Paglalarawan	Mean	Paglalarawan	Mean	Paglalarawan
.792	Positibo	.82	Positibo	.627	Positibo	.75	Positibo

Makikita ang mean average paaralang publiko may kabuuang .792 na nagpapahayag ng positibong saloobin dahil kapag *rounded off* kabuuang halaga ay nagiging 1 at hindi 0 o halagang mababa sa 0 na isang negatibong kalabasan.

Ang kabuuang mean average naman sa saloobin ng mga guro sa paaralang pribado ay .82 nagpapakita ng positibo na may rounded off na kabuuang 1. May positibo namang kabuuang average ng saloobin ang mga sa paaralang estado na .627. Nakakuha ng average na 0.75 ang mga gurong nagtuturo ng Filipino sa tatlong uri ng paaralan na patunay na may positibong saloobin sila sa pagtuturo ng Filipino.

Positibong naglalarawan na tanggap nila ang pagtuturo ng asignaturang Filipino. Nangangahulugan din na magaan ang loob ng mga guro sa Filipino dahil sila ay nagtuturo sa loob ng lima at mahigit pang taon. Ang mga natagpuang suliranin at kakulangan sa paghahanda at kakayahan ng mga guro sa paggamit ng Filipino bilang wikang panturo. Napakahalaga sa pagtuturo ng wika na ang guro ay matatas sa larangan nito lalo na sa pagbibigkas upang ang mga mag-aaral ay magtitiwala na hindi sila mabibigo ng pagkatuto[17].

Makikita sa unang hanay sa Talahanayang 6 ang kinalabasan sa pag-uugnay ng saloobin ng mga guro at perormans ng mga mag-aaral sa paaralang publiko sa Filipino. May .144 ang kinalabasan gamit ang *Pearson r* na nagpapatunay na ang mahinang positibo ang kaugnayan at hindi makabuluhan ang pagkakaugnay nito. Kung titingnan natin ang

ikalawang hanay ng pag-uugnay ng saloobin ng mga guro at perpormans sa Filipino sa paaralang pribado, may - 1 ang halaga ng r nito na naglalarawang mahina at negatibo ang pagkakaugnay at hindi makabuluhan. Ang pangatlong hanay naman para sa saloobin ng mga guro at perpormans ng mga mag-aaral sa paaralang estado ay nagpapakita na may -.664 na halaga ang r. Ito ay nagpapahayag ng mahinang negatibong kaugnayan at walang kabuluhan ayon sa diskripsyon sa *Pearson r*. Mahina at walang kabuluhan ang kaugnayan ng perpormans ng mga mag-aaral sa saloobin ng mga guro sa Filipino.

Talahanayan 6. Kaugnayan ng saloobin ng mga guro sa perpormans ng mga mag-aaral sa Filipino

	Publiko	Pribado	Estado
Saloobin	.792	.82	.626
Perpormans	4.537	4.409	4.530
Pearson r	0.144	-1	-0.664
Sig	0.817	.1	0.537
Diskripsyon	Weak positive correlation and not significant	Weak negative correlation and not significant	Weak negative correlation and no significant relationship

Nililina din sa resulta na ang saloobin ay hindi nasusukat o napapansin dahil ito ay nasa kalooban lamang ng mga guro. Ang perpormans ay “highly detectable statistically”. Kahit na makikita na positibo ang pagsasalarawan ng dalawang pinag-ugnay ngunit lumabas sa statistics mahina lang o walang Kaugnayan.

Kinakailangan magturo ang mga guro dahil ito ang kanilang sinumpaang misyon at trabaho, maging masigasig din sila dahil sila ay sinusubaybayan ng punong-guro at taga-pangasiwa. Ang bawat klase ay may angkop na antas o MPS na dapat kamtin ng guro.

Ang pagtatamo ng *advanced* na perpormans o 90 pataas ay naaayon sa pagsisikap ng mga mag-aaral para sa tunguhin nilang makakuha ng mataas na grado upang makatuntong sa susunod na lebel ng edukasyon. Ang antas ng perpormans ay bahagi din ng kabuuang tala ng pagpili sa “honors”. Hindi pwede isasantabi ang asignaturang Filipino dahil bahagi ito ng kurikulum at bahagi ito ng pagtatamo ng lebel ng sikundaya. Ang mga mag-aaral ay may sariling tunguhin sa pagtatamo ng magandang perpormans sa asignatura.

Ang lubusang pagkatuto ng dalawang wika ay naaayon sa kadahilanan: katanyagan ng wika,

kalakasan ng kultura, interes, pagkakataon at sitwasyon ng paggamit hindi ang edad sa pagtatamo. Hindi katakata kung ang isang batang bilinggwala ay may kagalingan sa bahagi ng pagkatuto sa isang wika at hindi kadalasan pantay ang pagiging hasa sa dalawa [10].

Hindi natatapos ang pagpaplanong pampagtuturo pagkaraang madesisyonan ng guro ang nilalaman at maiayos ang pagkasunod-sunod nito. Kailangang pag-isipan ang mga tiyak na pagkatuto na nais niyang ipaangkin sa mga mag-aaral bunga ng isang pagtuturo. Mahalagang malaman na ang mga layuning pampagtuturo ang tumitiyak kung ano ang mga inaasahang isasagawa ng mga mag-aaral bilang kinalabasan ng kanilang pagkahantad sa nilalaman ng isang pagtuturo-pagkatuto sa loob ng klasrum [18].

KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

May pagkalugod o may magandang saloobin man o wala ang mga mag-aaral at guro, ang pagkatuto ng Filipino ay matagumpay na natatamo dahil ang pagkatuto ay indibidwal at “unitary”. Lahat ng natatamo sa unang wika (kasanayang akademiko, pag-unlad ng karunungan, pagkakaayos ng konsepto, kaalaman ng paksa at estratehiya sa pagkatuto) ay maisasalin o maililipat sa pangalawang wika. Sa pagkatuto sa pangalawang wika, nakukuha at nagagamit nila ang anumang maroon karanasan at kaalaman nila sa unang wika.

Ang pagtatamo at pagkatuto ng asignaturang Filipino kung saan gamit ang wikang Filipino din ay naging matagumpay dahil ang mag-aaral kahit hindi siya Tagalog ay dala-dala na niya ang mga kasanayan na dapat nakuha ng isang bata sa kanyang kapaligiran at mula din sa lahat ng kanyang nakasalamuha sa kanyang buhay. Ang kasanayang pangwika ay halos magkakatulad, ang pagkakaiba lamang ay elemento ng kanyang pagka-wika.

Ang teoryang nakuha sa pagsusuring ito ay, “*Multiplicity of factors in the learning of Filipino*”. Anumang natamong perpormans ng bawat mag-aaral sa klase sa Filipino ng mga di-Tagalog ay hindi dapat pagbabasehan ang anumang saloobin mayroon sila sa asignaturang ito. May mga salik na binanggit sa mga teorya at pag-aaral ng mga dalubhasa sa pagtatamo at pakatuto ng wika. Maraming dahilan sa pagkatuto ng aralin at pagtatamo ng matataas na antas ng isang mag-aaral sa anumang asignatura, personal man at anumang kapaligiran mayroon siya na nakakadaragdag sa layuning gustong kamtin.

Lumabas din sa pag-aaral na nakakuha ng

matataas na perormans ang mga mag-aaral kung anumang saloobin mayroon sila sa asignaturang Filipino kahit hindi nila katutubong wika ang Filipino. Nagpapatunay lamang ang saloobin ang hindi naging dahilan o sagabal sa pagkuha ng antas na kaaya-aya o mas mataas pa kaysa sa katamtaman. Sa pananaliksik kamakailan, nakatuon ito sa mga kadahilanan na nakakaapekto sa pagkatuto ng wika ng isang mag-aaral/tao lalo na sa ginamit na paraan, impluwensyang panlipunan, katangian, pagkaganyak at pag-aalinlangan [13].

Bilang tugon, upang mapaganyak ang mga mag-aaral sa lalong pagkatuto ng Filipino bilang wika at asignatura, ang tagapamahala ng paaralan, mga guro at mga mag-aaral ay dapat bigyang atensyon ang mga pagdiriwang at gawain na may kaugnayan sa Filipino.

Sanggunian

- [1] Young, C. (2002). First language first: Literacy education for the future in a multilingual Philippine society. *International Journal of Bilingual Education and Bilingualism*, 5(4), 221-232, doi: 10.1080/13670050208667757
- [2] Nical, I., Smolics, J. J. & Secombe, M. J. (2004). Rural students and the Philippine bilingual education program on the island of Leyte. In Tollefson, J. W. & Tsui, A. (Eds) *Medium of Instruction Policies: Which Agenda? Whose Agenda?* Lawrence Erlbaum Associates.
- [3] Bernardo, A. B. I. (2005). Bilingual code-switching as a resource for learning and teaching: Alternative reflections on the language and education issue in the Philippines. In D. T. Dayag & J. S. Quakenbush (Eds.), *Linguistics and language education in the Philippines and beyond: A Festschrift in honor of Ma. Lourdes S. Bautista*
- [4] Bernardo, A. B. I. (2008). Individual and social dimensions of Filipino students' achievement goals. *International Journal of Psychology*, 43(5), 886-891, DOI: 10.1080/00207590701837834
- [5] Datu, J. A. D. (2017). Peace of mind, academic motivation, and academic achievement in Filipino high school students. *The Spanish Journal of Psychology*, 20, 1-8
- [6] Sicam, F. P. & Lucas, R. I. G. (2016) Language attitudes of adolescent Filipino bilingual learners towards English and Filipino, *Asian Englishes*, 18(2), 109-128, doi: 10.1080/13488678.2016.1179474
- [7] Chomsky, N. (2001). *Noam's Chomsky Writings and Opinions*.-NCWO. <http://www.ibiblio.org/usenet-i/groups-html/alt.fan.Noam-chomsky.html>. Retrieved January 24, 2014
- [8] Dep.Ed. Order No. 31, s. 2012. Policy guidelines on the implementation of grades 1 to 10 of the k to 12 basic education curriculum (BEC) effective school year 2012-2013.
- [9] Taylor, B. M., Frye, B. J., & Maruyama, G. M. (1990). Time spent reading and reading growth. *American Educational Research Journal*, 27(2), 351-362.
- [10] Dawkins, P., (2007). 549 <http://tutorial.math.lamar.edu/terms.aspx>. Retrieved Dec. 20, 2013
- [11] Rosenthal, R. (1994). Parametric measures of effect size. In H. Cooper & L. V. Hedges (Eds.), *Handbook of Research Synthesis* (pp. 231-244). New York: Russell Sage Foundation.
- [12] Collier, V. P., & Thomas, W. (1989). *How quickly can immigrants become proficient in English in School?* *Journal of Educational Issues of Language Minority Students*, 5, 26-38.
- [13] Canale, M.; Swain, M. (1980). "Theoretical bases of communicative approaches to second language teaching and testing". *Applied Linguistics*, 1(1):1-47
- [14] Erton, I. (2010). *Relations between personality traits, language learning styles and success in foreign language achievement*. Hacettepe University Journal of Education, 38,155-156
- [15] McKenna, M. D., & Kear, D. J. (1990). Measuring attitude toward reading: A new tool for teachers. *The Reading Teacher*, 43(9), 626-639.
- [16] McLaughlin, B. (1984). *Second Language* (2nd ed.). Hillsdale, NJ: Erlbaum. (ERIC Document No. ED154604) *Acquisition in Childhood: Vol. I Preschool Children Acquisition in Childhood: Vol. I Preschool Children* <http://faculty.rcoe.appstate.edu/koppenhaverd/f06/30/readings/mckenna&kear.pdf>
- [17] Santiago, A. (1971). Pambansang Samahan sa Linggwistikang Filipino, Inc. Taon 2, Blg. 3, Setyembre, 1971, pp 87-88.
- [18] Ugot, I. V. (2007). *Ang Wikang Filipino sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan; 1-5*

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMR. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).